

## **Iminungkahi ng Biden-Harris Administration ang Kauna-unahang Pambansang Pamantayan para Protektahan ang Mga Komunidad mula sa PFAS sa Iniinom na Tubig**

**WASHINGTON** – Ngayong araw, ipinahayag ng Biden-Harris Administration ang namungkahi nitong kauna-unahang pamantayan para sa iniinomna tubig para sa anim na per- polyfluoroalkyl substances (PFAS) at ang pinakahuling kilos sa ilalim ng plano ni President Biden para labanan ang polusyon ng PFAS at iyong kay Administrator Regan [Balangkas ng Estratehiya ng PFAS](#). Sa pamamagitan ng kilos na ito, ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ay nagsasagawa ng malaking hakbang para maprotektahan ang pampublikong kalusugan mula sa polusyon ng PFAS, na pinapakinabangan ang pinakamahuhusay na science at pagkukumpleto sa pagsisikap ng estado para bigyang limitasyon ang PFAS sa pamamagitan ng pagmumungkahi na magtatag ng legal na mapapatupad na mga level para sa anim na PFAS na natiyak nang mayroon sa iniinom na tubig.

Ang mungkahing ito ay batay sa iba pang mga pangunahing milestone para labanan ang PFAS, kasama na ang mungkahi ng EPA na magtalaga ng dalawang PFAS bilang mapapanganib na substance ng CERCLA; pagpapahusay ng data sa PFAS sa ilalim ng National PFAS Testing Strategy ng EPA at sa pamamagitan ng pambansang sampling para sa 29 PFAS sa mga sistema ng pampublikong iniinom na tubig; gamit ang Clean Water Act ng EPA na nagpapahintulot at mga regulatory na programa para bawasan ang polusyon ng PFAS sa kapaligiran na galing sa industriya; at ang pag-uumpisa sa pamamahagi ng \$10 bilyon na pagpopondo para matugunan ang mga umuusbong na contaminant sa ilalim ng Bipartisan Infrastructure Law (BIL).

“Ang mga komunidad sa buong bansang ito ay matagal nang nagdusa mula sa parating pumapalibot na banta ng polusyon ng PFAS. Kung kaya’t inilunsad ni Presidente Biden ang kabuuan ng gobyerno na pamamaraan para agresibong maharap ang mga nakakasamang kemikal na ito, at nangunguna ang EPA sa pagsulong,” sabi ni **EPA Administrator Michael S. Regan**. “Ang mungkahi ng EPA na makapagtatag ng pambansang pamantayan para sa PFAS sa iniinom na tubig na pinagkuhanan ng impormasyon mula sa pinakamahuhusay na available na science at makakatulong na makapagbigay sa mga estado ng gabay na kailangan nila para makapagdesisyon sa pinakamabuting paraan upang maprotektahan ang mga pamilya. Ang kilos na ito ay may posibilidad na mahadlangan ang sampu-sampung libong mga sakit na nauugnay sa PFAS at naghuhudyat ng malaking hakbang patungo sa pagbabantay sa lahat ng ating mga komunidad mula sa mga mapapanganib na contaminant na ito.”

Ang mungkahi, kung matapos, ay magbibigay regulasyon sa PFOA at PFOS bilang mga indibiduwal na contaminant, at mamamahala sa apat na iba pang mga PFAS – PFNA, PFHxS, PFBS, at GenX Chemicals – bilang isang mixture.

- **PFOA at PFOS:** Mungkahi ng EPA na bigyang regulasyon ang PFOA at PFOS sa isang level na maaaring masukat ang mga ito sa 4 na parte kada trillion.
- **PFNA, PFHxS, PFBS, at GenX na Mga Kemikal:** Iminumungkahi rin ng EPA ang isang regulasyon para malimitahan ang anumang mixture na naglalaman ng isa o higit pang PFNA, PFHxS, PFBS, at/o GenX Chemicals. Para sa mga PFAS na ito, ang mga sistema ng tubig ay gagamit ng naitatag nang pamamaraan na tinatawag na hazard index calculation, na ipinapaliwanag sa namungkahing tuntunin, para matiyk kung ang **pinagsamang** mga level nitong PFAS ay may posibleng panganib.

Kapag nakumpleto na, hihilingin sa ilalim ng namungkahing regulasyon mula sa amga pampublikong water system na bantayan ang mga kemikal na ito. Hihilingin nito mula sa mga sistema na bigyang abiso ang publiko at bawasan ang kontaminasyon ng PFAS kung ang mga level ay humigit sa namungkahin mga regulatory standard. Inaasahan ng EPA na kung ganap itong mapatupad, ang tuntunin ay, lumaon, makakahadlang sa libo-libong mga kamatayan at mababawasan

ang libo-libong mga malulubhang sakit na masasabing nauugnay sa PFAS. Ang kilos na ito ay nagtatatag sa pambansang proteksyon mula sa polusyon ng PFAS para sa lahat, kasama na ang mga environmental justice na komunidad.

Ang mga kilos na ginawa sa araw na ito ay kumakatawan sa isang malaking milestone para sa mga pangako ng Biden-Harris Administration na labanan ang polusyon ng PFAS at mabantayan ang iniinom na tubig, Tiniyak ni President Biden ang makasaysayang pagpopondo para matugunan ang mga bagong lumalabas na contaminant tulad ng PFAS, kasama na ang \$10 bilyon mula sa Bipartisan Infrastructure Law. Noong Pebrero 2023, ipinahayag ng EPA ang pagiging available ng \$2 bilyon mula sa Bipartisan Infrastructure Law ni President Biden para matugunan ang mga bagong lumalabas na contaminant, kasama na ang mga PFAS, sa iniinom na tubig sa kabuuan ng bansa. Ang mga pondong ito ay magtataguyod ng access sa ligtas at malinis na tubig sa maliliit, rural, at nadedehadang mga komunidad habang sinusuportahan rin ang mga lokal na ekonomiya.

Hinihiling ng EPA ang input sa proposal mula sa lahat ng mga stakeholder, kasama na ang publiko, mga manager ng water system, at mga propesyonal sa pampublikong kalusugan. Ang mga komento ay maaaring isumite sa pamamagitan ng pampublikong docket, na makikilala ng Docket ID No. EPA-HQ-OW-2022-0114, sa <https://www.regulations.gov>.

## Background

Ang PFAS ay isang kategorya ng manufactured na mga kemikal na maaaring magdulot ng malulubhang problemang pangkalusugan, kasama na ang kanser, kung ang mga tao ay malantad samga ito sa loob ng matagal na panahon. Mula nang ipinahayag ni EPA Administrator Michael S. Regan ang [PFAS Strategic Roadmap](#) ng Agency noong Oktubre 2021, patuloy ang EPA sa pagpapatupad ng kabuuang ahensya na pamamaraan sa pamamagitan ng pagpapasulong sa science at pagsunod sa batas upang mabantayan ang pampublikong kalusugan, maprotektahan ang kapaligiran, at bigyang pananagutan ang mga polluter. Ang mga kilos na inilarawan sa PFAS Roadmap ay bawâ't isang kumakatawan sa mahalaga at makabuluhang mga hakbang para mabantayan ang mga komunidad mula sa kontaminasyon mula sa PFAS. Sama-sama, ang mga kilos na ito ay nagtatatag at hahantong sa mas tumatagal at nakapagdudulot ng proteksyon na mga solusyon

Noong Nobyembre 2022, ang EPA ay nagpalabas ng [“A Year of Progress Under EPA’s PFAS Strategic Roadmap,”](#) na nagpapakita sa mga pangunahing kilos na ginawa ng agency sa unang taon ng pagpapatupad ng PFAS Roadmap.

Patuloy na magtatrabaho ang EPA kasama ang pederal, estado, territorial, at Tribal na mga gobyerno at mga sistema para sa iniinom na tubig upang matugunan ang PFAS sa iniinom na tubig at mapatupad ang mga solusyon sa pagbabawas ng mga panganib sa kalusugan ng tao. Ang EPA ay nangangako na magsagawa ng mas malalawak na kilos para makatulong na mabawasan ang pagkakatantad ng mga American sa PFAS, kasama na ang:

- Pagbabantay sa libo-libong iniinom na sistema sa iniinom na tubig sa buong bansa para sa dose-dosenang PFAS, simula sa taong ito;
- Pagsasagawa ng panghuling kilos sa proposal para makapagtalaga ng dalawang PFAS bilang “mapanganib na mga substance” para makatulong sa pagbibigay pananagutan sa mga polluter;
- Pagbibigay limitasyon sa mga discharge ng PFAS sa ating mga waterway sa pamamagitan ng pagpapalakas sa Clean Water Act standards;
- Pagwawakas sa chemical data at mga tuntunin sa kaligtasan na magpapalawak sa ating kaalaman tungkol sa PFAS, mapahintulutan tayo na kumilos ng mas mabilis at ng may estratehiya, at mabigyang limitasyon ang legacy PFAS mula sa pagkakagawa muli; at
- Pagsasaalang-alang sa mga komento ng publiko na naisumite sa namungkahing tuntunin ngayon patungo sa pagkakaroon ng panghuling kilos sa pambansang mga pamantayan sa iniinom na tubig laban sa PFAS.